# *Polisa ng Tulong Pinansiyal para sa Mayo Clinic Hospital - Arizona*

**Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona**

DISCONTINUED

### Alinsunod sa 501(r) ng Polisa ng Internal Revenue Code

Naninindigan ang Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona sa pagbibigay ng access sa kalidad na pag-aalaga ng kalusugan para sa sinisibihan nitong komunidad kabilang ang mga pasyente na nasa mahirap na pinansiyal na kalagayan, at naghahandog ng tulong pinansiyal sa mga may naitaguyod na pangangailangang makatanggap ng emergency na pangangalagang medikal at mga serbisyo sa ospital na medikal na kailangan. Bilang karagdagan sa tulong pinansiyal na hinandog alinsunod sa mga tuntunin ng polisang ito, naghahandog ang Mayo Clinic ng ibang tulong sa mga pasyente kabilang ang tulong pinansiyal sa mga serbisyo na hindi nilaan sa kalagayan sa ospital.

Ang mga pagkilos na maaaring gawin ng Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona sakaling hindi nagbayad ay isinasalarawan sa Patakaran ng Mayo Clinic sa Pagsingil ay Pagkolekta. May libreng kopya ng patakarang ito ang maaaring makuha sa pagpunta sa www.mayoclinic.org/financialassistance o pagtawag sa 1-844-217-9591, Lunes hanggang Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm Mountain Time.

Hindi gagawa ang Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona ng kakaibang pagkilos sa pagkolekta ago ito gumawa ng makatwirang pagsusumikap na alamin kung ang pasyente ay nararapat sa tulong pinansiyal sa ilalim ng polisang ito.

## Layunin

Naninilbihan ang patakarang ito na magtaguyod ng patas at hindi nagbabagong paraan sa hindi naka-insure at kulang sa insurance na mga pasyenteng mag-apply at maisaalang-alang sa tulong pinansiyal na kaugnay ng emergency at ibang medikal na kailangang ag-aalaga sa ospital. Pakitandaan na hindi lahat ng serbisyong medikal sa Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona ay kuwalipikado sa ilalim ng polisang ito. Kaugnay ng tulong pinansiyal ang libre o may diskuwentong pag-aalaga batay sa kita ng tahanan at mga pag-aari na inaatas na isiwalat sa proseso ng aplikasyon. Ang tulong pinansiyal ay batay sa diskuwento sa kabuuang singil sa mga serbsiyo ng ospital na nilaan na may pinakamababang diskuwentong 60% sa mga napag-alamang nararapat sa tulong pinansiyal sa Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona.

## Mga Kahulugan

*Aplikante*: pasyente o ibang indibiduwal na responsable sa pagbabayad ng pag-aalaga sa asyente na humihingi ng tulong pinansiyal.

*Panahon ng aplikasyon*: nagsisimula sa petsa na ang pag-aalagang medikal ay nilaan ay magsisimula sa petsa na nilaan ang medikal na pag-aalaga at magtatapos 240 araw makalipas ang unang post-discharge na statement ng singil o 30 araw matapos ang ospital o awtoriadong third party ay nagbigay ng nakasulat na abiso ng kakaibang pagkilos sa pagkolekta na binabalak ng ospital na simulan, alinman ang mahuli.

*Bad debt*: ang halaga ng pagbibigay ng pag-aalaga sa mga tao na kaya ngunit ayaw bayaran ang lahat o ilang bahagi ng mga medikal na singil kung saan sila responsable.

*Tulong pinansiyal*: ang halaga ng pagbibigay ng libre o may diskuwentong pag-aalaga sa mga indibiduwal na hindi kayang magbayad ng lahat o bahagi ng mga medikal na singil ng ospital batay sa mga patakaran sa pagiging nararapat na tinukoy sa polisang ito. Maaaring alamin ng. Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona ang kawalan ng kakayahang magbayad bago o makalipas maibigay ang mga serbisyong medikal na kailangan.

*Mga kabuuang singil*: ang buong tinaguyod na presyo para sa pangangalagang medikal na ibinigay sa mga pasyente.

*Medikal na kailangang pangangalaga*: Mga serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan o produkto na ilalaan ng maingat na manggagamot para hadlangan, alamin o gamutin ang karamdaman, pinsala, sakit o mga sintomas nito sa paraang:

- Ayon sa pangkalahatang tinatanggap na pamantayan ng medikal na pagsasanay;
- Klinikal na angkop pagdating sa uri, dalas, lawak,lugar at tagal; at
- Hindi pangunahing para sa ekonomikong benepisyo ng mga planong pangkalusugan at bumibili o para madalian ang pasyente, gumagamot na doktor o ibang tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan.

*Sariling-bayad na balanse*: ang halagang babayaran sa tagapagbigay o ospital matapos magawa ang mga serbisyo at lahat ng ibang opsyon sa pagbabayad o paraan sa pagbalik ng bayad ay nagamit na.

©2019 Mayo Foundation for Medical Education and Research

## Mga Provider na Sinasaklaw sa Ilalim ng Polisang Ito

Lahat ng nakaempleyo sa Mayo na tagapagbigay ng medikal na nagbibigay ng pag-aalaga sa Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona ay sakop sa ilalim ng polisang ito.

Isang listahan ng mga provider na kinontrata o kung hindi man ay awtorisado na magbigay ng pangangalaga sa mga pasyente sa Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona maliban sa mismong pasilidad ng ospital, na naghahatid ng emerhensiya o iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga sa pasilidad ng ospital, na tumutukoy kung aling mga provider ang sakop ng polisang tulong pinansyal na ito, ay pinananatiling nakahiwalay sa polisang tulong pinansyal na ito. Ang Listahan ng Provider ay nalalapat lamang sa petsa kung kailan ito ginawa o huling na-update, gaya ng tinukoy sa Listahan ng Provider. Maaaring makuha ang Listahan ng Provider, nang walang bayad, sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-844-217-9591, online sa www.mayoclinic.org/financialassistance o sa pamamagitan ng pagbisita sa lokasyon ng opisina ng negosyo:

- Mayo Clinic — Outpatient Clinic, Scottsdale Campus
- Mayo Clinic — Specialty Building, Phoenix Campus
- Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona, 5777 East Mayo Boulevard, Phoenix, AZ

## Pamantayan sa Pagiging Nararapat sa Tulong Pinansiyal

Ang pagiging nararapat sa Tulong Pinansiyal ay nag-aatas ng kumpletong pakikipagtulungan ng aplikante sa proseso ng aplikasyon, kabilang ang:

1. Pagkumpleto ng proseso ng aplikasyon para sa lahat ng makukuhang tulong, kabilang ang Medikal na Tulong o Medicaid, at nilagdaang pahintulot at form ng mga termino ng serbisyo na nagpapahintulot sa Mayo Clinic Hospital na magsumite ng mga paghabol;
2. Pagkumpleto ng aplikasyon sa tulong pinansiyal kabilang lahat ng inaatas na dokumento;
3. Matugunan ang taunang kita ng tahanan at pamantayan sa laki ng pamilya tulad ng nakatakda sa Federal Poverty Guidelines sa nakaraang taon ng buwis; 60% pagsasaayos ng sariling-bayad na balanse para sa mga aplikante na may kita ang tahanan na hanggang 400% ng Federal Poverty Guidelines; 100% pag-aayos ng sariling-bayad na balanse para sa mga aplikante na may kita ng tahanan na katumbas ng o mas mababa sa 200% ng Federal Poverty Guidelines; at
4. Pinakitang kawalan ng kakayahang magbayad para a mga serbisyo batay sa lahat ng magagamit na ari-arian.

Reserbado ng Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona ang karapatang tanggihan ang tulong pinansiyal sa mga indibiduwal na inaatasang kumuha ng sakop ng insurance ngunit piniling hidni gawin ito o tumanggi sa sakop ng insurance, kabilang ang mga plano sa tulong ng pamahalaan, dulot ng mga dahilang pangrelihyon. Maraming aplikante ang hindi alam na maaari silang nararapat sa mga planong tulong ng pamahalaan o hindi nagpalista sa mga nasabing plano.

Maaaring isaalang-alang ng Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona na magbayad ng mga COBRA premium sa limitadong panahon kung ang pasyente ay maaprubahang makatanggap ng tulong pinansiyal. Reserbado ng. Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona ang karapatang tanggihan ang tulong pinansiyal kung nabigo ang aplikanteng makipagtulungan sa Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona kaugnay ng lahat ng proseso at dokumentasyong kailangan para bayaran ang mga COBRA premium.

Ginagawa ng Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona ang lahat ng makatwirang pagtatangkang kumolekta mula sa mga kompanya ng insurance at anumang mga nagbabayad na third-party.

Reserbado ng Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona ang karapatang baligtarin ang tulong pinansiyal at kumuha ng angkop na pagbabalik ng bayad o pagkolekta bilang resulta ng bagong natuklasang impormasyon, kabilang ang sakop ng insurance o bayad sa aplikante o pagkuha ng paghabol sa personal na pinsalang kaugnay ng mga tinatanong na mga serbisyo. Lahat ng bayad na natanggap ng Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona matapos mabigyan ng tulong pinansiyal ay magreresulta sa pagbaligtad ng inaayos na mga haaga para malutas ang natitirang sariling-bayad na balanse nang hindi gumagawa ng nakatakdang balanse o balanse ng kredito.

Ang mga pasyenteng nakakatanggap ng pag-aalaga sa Emergency Department na walang pinansiyal na dulugan ay maaaring nararapat sa tulong pinansiyal kung wala silang trabaho o walang permanenteng address o sakop ng insurance. Ang mga mahihirap na pasyente na walang access sa inaatas na dokumentasyon sa aplikasyon ay maaaring nararapat pa rin sa tulong pinansiyal.

Ang mga pasyenteng nararapat sa tulong pinansiyal bago ang serbisyo ay dapat magpakita ng kakayahang magbigay o magpanatili ng pangmatagalang pag-aalagang kailangan para sa kalusugan nila at kahusayan ng lagay dahil ang una nilang kundisyon ay nagdidikta nito o dinidirekta ng kanilang koponan sa pag-aalaga.

Ang pagbibigay ng tulong pinansiyal ay hindi nag-oobliga sa Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona na magbigay ng patuloy na pag-aalaga; subalit, sa sariling diskresyon ng Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona's ang mga serbisyo at suportang medikal na kailangan at hindi makukuha sa ibang lugar ay maaaring ilaan sa patuloy na batayan. Maaaring atasan ang mga pasyenteng muling magpalista sa tulong pinansiyal nang hindi bababa sa tuwing 180 araw.

Maaaring ibahagi ng Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona at mga kasapi nito ang impormasyon sa Tulong pinansiyal sa mga site na kaugnay ng Mayo Clinic para sa benepisyo at dali ng pamamahala sa Tulong pinansiyal sa mga pasyenteng tiningnan sa maraming lokasyon. Walang impormasyon ang ibabahagi sa labas ng Mayo Clinic maliban kung pinahintulutan o inatas ng batas.

## Paraan sa Pagpapalista sa Tulong Pinansiyal

Ang tulong pinansiyal ay inaalok sa pamamagitan ng proseso ng aplikasyon o batay sa kasalukuyang pagiging nararapat para sa Medikal na Tulong o ibang tulong ng pamahalaan na batay sa pangangailangan.

## Proseso ng Aplikasyon

Ang mga aplikante na nais magpalista para sa tulong pinansiyal ay maaaring magpalista sa pamamagitan ng paghingi ng form ng aplikasyon o pag-download at pag-print ng form ng aplikasyon sa tulong pinansiyal nang walang singil. Aabisuhan ng. Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona ang mga aplikante ng hindi kumpletong mga aplikasyon at tutukuyin ang mga dokumento o impormasyong kailangan para makumpleto ang proseso ng aplikasyon na dapat ilaan sa loob ng 30 araw. Reserbado ng. Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona ang karapatang tanggihan ang tulong pinansiyal kung hindi matanggap ang aplikasyon sa loob ng Panahon ng aplikasyon.

Rerepasuhin ng kawani ng Revenue Cycle ng Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona ang aplikasyon at aalamin ang tulong pinansiyal na maaaring ialok. Ang proseso ng pagrepaso ng aplikasyon ay aabutin ng mga 30 araw. Kapag nakagawa na ng pasya sa tulong pinansiyal, may ipapadalang liham sa aplikante na nagpapayo sa pasya.

## Ang mga aplikasyon sa pinansiyal na tulong ay makukuha nang libre sa sumusunod na website:

www.mayoclinic.org/financialassistance

## Ang mga aplikasyon ay makukuha sa pamamagitan ng nakasulat na hiling sa:

Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona Patient Account Services
5777 East Mayo Boulevard
Phoenix, AZ 85054

## Ang mga aplikasyon ay makukuha rin sa mga lokasyon ng ng desk sa Mayo Clinic Hospital - Arizona Admissions, Business Services at sa Emergency Department.

## Ang Polisa sa Tulong Pinansiyal at tulong sa aplikasyon ay makukuha sa:

Ligtas na protal ng pasyente sa pagbisita sa www.mayoclinic.org at pagpili ng Mag-log in sa Account ng Pasyente mula sa home page.
Maaari ka ring tumawag sa 1-844-217-9591 o pumunta sa lokasyon ng tanggapan ng negosyo:

Mayo Clinic — Outpatient Clinic, Scottsdale Campus
Mayo Clinic — Specialty Building, Phoenix Campus
Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona, 5777 East Mayo Boulevard, Phoenix, AZ

## Mga Batayan sa Pagkalkula ng Halagang Sinignil sa Mga Pasyente

Lahat ng pasyente ay sisingilin ayon sa kabuuang siningil na halaga; subalit, ang sariling-bayad na balanse sa mga pasyenteng nararapat sa tulong pinansiyal ay limitado sa Amount Generally Billed (AGB) sa mga may insurance na sumasakop sa nasabing pag-aalaga. Gumagamit ang. Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona ng paraang look-back para kalkulahin ang AGB sa paghahati ng mga halagang pinahintulutan ng bayad sa Medicare para sa serbisyo at komersiyal at pribadong tagaseguro ng kalusugan sa kabuuang mga singil na isinumite. Ang halaga na inaasahang bayaran ng pasyente mula sa bulsa ay limitado sa porsiyentong AGB ng kabuuang singil na nararapat ang pasyente sa tulong pinansiyal. Ang kumbnasyon ng mga bayad sa insurance at bayad ng pasyente o aplikante ay maaaring lumagpas sa AGB.

Ang mga indibiduwal ay maaaring kumuha ng higit pang impormasyon, sa pamamagitan ng sulat at walang singil, tungkol sa Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona AGB sa pagtawag sa 1-844-217-9591 o pagkuha ng Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona AGB at impormasyon sa kalkulasyon ng AGB sa aming website sa www.mayoclinic.org/financialassistance.

## Mga Emergency na Serbisyo

Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona proay nagbibigay ng mga medikal na pagsaalang eksaminasyon at pangangalagang emergency para i-stabilize ang mga pasyente, anuman ang kakayahan nilang magbayad at alinsunog sa Emergency Medical Treatment and Labor Act (EMTALA). Pinagbabawal ng. Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona ang anumang pagkilos na magdi-discourage sa mga indibiduwal sa pagkuha ng pang-emergency na pangangailangang medikal at hindi nagsasagawa ng pagkolekta ng utang sa Emergency Department.

## Patas na Oportunidad

Naninindigan ang Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona sa pagpapatupad ng mga batas ng pederal at estado na tumatanggi sa pagdidiskrimina sa batayan ng lahi, kasarian, edad, relihiyon, pambansang pinagmulan, katayuan sa pag-aasawa, sekswal na oryentasyon, kapansanan, serbiyong militar o anumang klasipikasyon na protektado ng mga batas pederal, estado, o lokal.

## Pagiging Kumpedensiyal

Ang kawani ng Mayo ay magpapatupad ng pagiging kumpedensiyal at indibiduwal na dignidad ng bawat pasyente. Tutpad ang. Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona at lahat ng kasapi sa mga inaatas ng HIPAA sa pamamahala ng personal na impormasyong medikal, kalusugan at pinansiya.



MC5815-04rev0419